# CHANGED STORIES GUIDE



# OVERVIEW & BACKGROUND

NGAYONG 2021, ipinagdiwang ang 40th anibersaryo ng Lingap Pangkabataan, Inc. (LPI). Ang organisasyon, kasama ng UCCP Lawaan, JCSFCC Balangiga, at Sta. Margarita ay nakipag-sosyo at nakipartner sa mga mag-aaral ng Ateneo de Manila University upang gabayan ang mga kasosyo ng mga komunidad sa pagsulat ng kanilang Changed Stories.

Ang mga Changed Stories ay mga salaysay mula sa mga miyembro ng kasosyo ng komunidad ng LINGAP. Inilalarawan ng mga Changed Stories ang mga pagbabago na nararanasan ng mga miyembro ng komunidad sa Eastern Samar at ang mga natutunan at mga saloobin ng mga manunulat at ang mga taong iniinterview.

Sa pamamagitan ng proyektong ito, nais naming ibahagi sa mga miyembro ng komunidad ang mga kasanayan, kaalaman at layunin na kinakailangan sa epektibong pagkukwento. Umaasa din kami na makakuha sila ng mga mahalagang aralin at karanasan sa kanilang pagsulat ng kwento.

# SINO ANG MAGSUSULAT NG CHANGED STORIES?

Upang isakatuparan ang proyekto, apat na manunulat ang pipiliin sa bawat komunidad sa Eastern Samar, kabuuan ng 16 na manunulat (16 na kwento).

Dalawa mula sa apat na miyembro sa bawat komunidad ay inaanyayahan na dumalo sa **Online Engagement 3** sa **Oktubre 30, 2021** at sa **Online Engagement 4** sa **Nobyembre 20, 2021**.



# BRIEFER

## Bakit tayo pinili sa pagsulat?

"Hindi ka ituturo ng kwento sa isang punto, ilalagay ka doon."

—Clark, R.P.

1. Ang mga kwentong ito ay maaaring magpakita sa susunonod na henerasyon kung paano **nakikipag-tulungan at nagtitiyaga ang mga tao para harapin ang mga hamon sa buhay**. Nagpapalabas ito ng mga emosyon mula sa mga mambabasa at pinasisigla silang gayahin ang nakikita nila sa LINGAP at ang kanilang kasosyong simbahan—pagkakaisa at buong pusong

2. Sa panahon ng pandemya, ang mga kuwentong ito ay isang **paraan para magbigay inspirasyon sa ibang tao sa harap ng limitasyon** at paraan para gumawa ng pakikipag-bayanihan ang LINGAP at kanilang mga kasosyong simbahan.

BRIEFER

# BAKIT TAYO NAGSUSULAT NG MGA PERSONAL NA SALAYSAY?

"Pantay sa halaga ang lahat ng tinig.
Pantay sa halaga ang lahat ng kwento.."
—Isay, D.

Nagbibigay ng pagkakataong **magbahagi ng mga mahalagang kaganapan mula sa iyong buhay** ang isang personal na salaysay. Naglalaan din ito ng kahulugan sa iyong mga karansan. Ito ay personal na kwento na isinulat hindi lang sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng mga nangyari, ito rin ay **pagsusulat ng mga nangyari sa isang pampanitikan, nakakaantig, at mapaglarawan na pamamaraan** na siguradong maalala at apresyahin ng mambabasa.



1. Ang pakay ng isang personal na salaysay ay **ibahagi ang kwento ng iyong buhay sa ibang tao upang makahanap sila ng koneksyon sa iyo.** Ito rin ay paraan sa **pag-impluwensya sa mga pananaw o kaisipan ng iba,** nagpapagana sa kanila na pag isipan ang kanilang mga pag-unawa at kaalaman at bumuo ng bagong pag-unawa.

2. Kadalasan, ang ganitong uri pagkukuwento ay **tunay at personal—isang makapangyarihang kombinasyon na maaaring baguhin ang mga pananaw ng marami** o hawakan ang mga puso at damdamin ng iyong mambabasasa. Walang ibang makakalikha ng iyong personal na kwento— iyong mga karanasan, iyong saloobin, at iyong mga pangarap- sa iyong sariling istilo o paraan. Ang tunay na personal na salaysay ay **nakukuha sa iyong boses o tinig na naglalaman ng iyong kaluluwa**. Ito ay pagkakataon na pakinggan ang mga karanasan o perspektibo na hindi karaniwang ikinuwento.

3. Tulad ng sabi ni David Isay, ang paglikha at pagbabahagi ng iba't ibang kuwento ay paraan para **patunayan na mahalaga ang lahat ng buhay, boses, at kwento sa mundo.**

BRIEFER

# PAANO LUMIKHA NG PERSONAL NA SALAYSAY

**1. Pagisipan ng mabuti at kilalanin ang pangunahing pokus ng iyong kwento.**

Ano ang sentral o pangkalahatang ideya ng iyong kwento -> **Ang tema o mensahe na nais mong gamitin** sa pagsulat at pagbuo ng iyong kwento.

Ang pangunahing pokus ay **nagpapahiwatig ng karanasan ng manunulat at ang kahulugan nito** sa mambabasa.(kahulugan, pananaw, aralin)

Paano hanapin ang pangunahing pokus -> Pag-isipan ng mabuti at m**agsulat ng listahan ng mga tema, ideya at mensahe na nais mong ikonekta sa tunay na kwento** o personal na karanasan para suportahan ang salaysay. Isa pang paraan ay ang **paghahanap ng mga tunay na karanasan na maiuugnay mo sa isang tema o mensahe** na gusto mong gamitin para sa iyong kwento.

**2. Gumawa ng listahan ng mahalagang kaganapan**

Ito ay para **suportahan at ilarawan ang iyong kwento gamit ng mga kaganapan sa iyong personal na karanasan** at upang magbigayan ng konteksto sa iyong kwento.

Siguraduhin na may kaugnayan ang mga ito sa iyong karanasan. Pahahabain mo lang ang kwento kung hindi mahalaga ang mga karanasan sa mga kaganapan.

# PAANO LUMIKHA NG PERSONAL NA SALAYSAY


**3. Kilalanin ang mga mahahalagang tauhan, grupo organisasyon, o institusyon**

Ito ay **pagkilala sa mga tauhang nagbigay ng malaking epekto sa iyong kwento**, mga tauhang nagpasigla sa iyong personal na karanasan.

Sumulat tungkol sa **tungkulin nila at ang kanilang epekto at kahalagahan sa iyong kwento**

**4. Gumawa ng balangkas ng kwento**

**Balangkasin ang iyong kwento** sa isang pagkakasunod-sunod na ayos tungkol sa paano mo nais ipakita ang iyong kwento gamit ng **3 bahagi ng isang kwento.**



# PANIMULA

**Buod ng mga kaganapan ng kwento at ang kahalagahan nito.**

-Maaari po ba kayong magsabi ng ilang bagay tungkol sa iyong sarili? (pangalan, edad, pinanggalingan, hanapbuhay, atbp.)

-Paano mo ipapakilala ang sarili mo sa iyong komunidad? Gaano katagal ka naging bahagi ng komunidad?

# GITNA

**Italakay mo ang kaganapan ng karanasan at ang epekto nito sa iyo at iyong mga kasama. Isulat din ang mga interesanteng detalye o partikular na kaganapan.**

-Sa pagbabalik-tanaw, may naalala ba kayong tiyak na karanasan na tumulong sa pagbabago sa inyong buhay at komunidad?

-Ano-ano ang mga pangunahing problema o isyu na inyong kinaharap noon? Ng inyo pong komunidad? Sa inyong palagay, saan po nag-ugat ang mga isyung ito?

-Ano ang mga karanasan mo sa pagdaig sa mga hamong ito?

-Sinu-sino ang tumulong sa pagbabago ng inyong buhay at komunidad? Paano sila nag-ambag sa pagtugon sa mga isyu sa komunidad at sa pagpapabuti ng sitwasyon?

-Paano kayo sangkot sa mga pagbabagong ito sa komunidad?

-Sa pamamagitan ng mga karanasang ito, anong positibong at pangmatagalang pagbabago ang naranasan ng komunidad? Gaano kaiba ang iyong buhay at iyong komunidad ngayon?

# WAKAS O KONKLUSYON

**Ibahagi mo ang iyong repleksyon sa iyong karanasan— ilarawan mo ang aralin o pangkalahatang ideya ng kwento.**

-Ano ang pinakamahalagang aral na natutunan mo mula sa iyong mga karanasan?

-Ano ang natuklasan mo tungkol sa iyong sarili? Iyong komunidad? Tungkol sa iba?

-Paano mo nais magpatuloy na bumuti at umunlad bilang isang tao at bilang isang miyembro ng komunidad?

-Ano ang iyong mga inaasahan para sa kinabukasan?



# BRIEFER

5. **Pagsusuri**
**Basahin at suriin ng mabuti ang kwento bago ito ilathala o ipalabas sa publiko**

Suriin kung may **pagkakamali sa gramatika o paraan ng pagsulat ang kwento.** Isulat muli ang mga bahagi na hindi maayos ang pagsulat at paikliin ang mga bahagi na masyadong mahaba.

**Ipabasa mo sa isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o taong pinagkakatiwalaan mo upang mabigyan ka ng katugunan o payo.** Tanungin mo kung naiintindihan at nauunawaan ba yung kwento. Kung hindi, tanungin mo sila kung anong bahagi ang kailangan baguhin o i-edit.

6. **Ilathala at Ibahagi**
**Ilathala mo ang iyong kwento** sa isang espasyo kung saan maaari mong ipakita ang iyong nilikha- online o print.

7. **Pagisipan/Pagtugon**
Pagkatapos ng maraming pagsasaliksik, rewrites, **pag-isipan ang karanasan mo sa pagsulat ng personal na kwento**

(1) Ano ang naramdaman mo sa pagsulat ng iyong tunay na karanasan?

(2) May natutunan ka ba mula sa karansang ito? Ano ang mga ito?

(3) Ano ang mga kasiya-siyang at mapaghamong bahagi ng pagsusulat na naranasan ko?


(4) Magsusulat pa ba ako ng personal na kwento o salaysay sa kinabukasan?

MGA CHART


# QUICK STEP BY STEP PROCESS CHART




# QUICK STORY OUTLINE MODEL




# QUICK MIND MAP TIPS & REMINDERS CHART



# MGA PAALALA PARA SA PAGSUSULAT

**1. Isama ang lahat na mahahalagang detalye**
Ipalagay mo na hindi kabisado ng iyong mambabasa ang inyong kwento.

**2. Tandaan ang pangunahing pokus ng kwento**
Manatili sa direksyon kung saan pupunta ang iyong kwento.

**3. Tandaan ang pangunahing pokus ng kwento**
Tandaan kung anong tense ang ginagamit mo sa pagsulat (past o present)

Ito ay upang makatulong na paghiwalayin ang iyong kasalukuyang boses at nakaraang sarili sa kwento

**4. Deskripsyon ng Tagpuan**
Magsulat ng detalyeng deskripsyon ng tagpuan (saan at kailan nangyari ang karanasan)

**5. Tiyak at may layunin na pagpili ng salitang gagamitin**
- Ang mga salita sa kwento ay dapat tiyak, maigsi, at malinaw
- Pinapayagan nito ang manunulat na likhain ang kanilang personal na karanasan sa paraang hinahangad ng kahalagahan o kahulugan nito.
- Pagamit ng Pandiwa, Pang-uri, at Pang-abay